# COUNTY NG SAN MATEO – MGA PAALALA PARA SA PAGDINIG NG MGA KASO SA ILALIM NG DVPA

Ito ang kalendaryo ng Hukuman ng San Mateo para sa pagdinig ng mga kasong may kinalaman sa Domestic Violence Prevention. Bago tayo magsimula, nais ng hukumang ito na ipaliwanag ang batas tungkol sa mga restraining order at kung ano ang mangyayari sa pagdinig ngayon.

Kapag sinabi ng hukuman na Petitioner o Protektadong Partido (Protected Person), iyon ay ang taong humihingi ng restraining order para limitahan ang asal at galaw ng isang tao, o kalabang panig. Kapag sinabi ng hukuman na Respondent o Pinipigilang Partido (Restrained Person), iyon ay ang taong nililimitahan ang asal at galaw sa pamamagitan ng restraining order.

## IBA'T IBANG URI NG MGA RESTRAINING ORDER

Ang mga karaniwang restraining order na ibinibigay ng hukumang ito ay ang mga sumusunod:

**Pag-uugaling Personal/Walang Pakikipag-ugnay:**
Ang kautusang ito ay nagbabawal sa pinipigilang partido na magkaroon ng *komunikasyon o gumawa ng mga ilang bagay* laban sa protektadong partido.

Ang pinipigilang partido ay pinagbabawalang guluhin, atakihin, hampasin, pagbantaan, paluin, sundan, molestiyahin, sirain ang mga personal na pag-aari, abalahin ang kapayapaan, subaybayan, gayahin, o harangan ang paggalaw ng protektadong partido. Ibig sabihin ay hindi niya maaaring itulak, salyahin, batuhin, isumpa, o insultuhin ang protektadong partido.

Kung sinasabi ng restraining order na walang kontak o pakikipag-ugnay, ibig sabihin nito na ang pinipigilang partido ay *hindi dapat magkaroon ng direktang pakikipag-ugnay* sa protektadong partido – walang tawag sa telepono, walang mga text message, walang sulat o email, at walang anumang kontak sa internet gaya ng Facebook o iba pang pamamaraan ng social media. Ibig ding sabihin nito na *bawal ang hindi direktang pakikipag-ugnay* sa protektadong partido sa pamamagitan ng mga kaibigan o kamag-anak, o paggamit sa ibang tao para magpadala ng mensahe.

**Kautusan para Lumayo:**
Ang kautusang ito ay nagbabawal sa pinipigilang partido na lumapit sa protektadong partido. Ang pangkaraniwang distansiya ay 100 yarda, o halos kasing-haba ng isang football field. Kasama rin sa kautusang ito ang pagbabawal na lumapit sa bahay, kotse, trabaho, paaralan, lugar kung saan inaalagaan ang anak, at iba pang lokasyon kung nasaan ang protektadong partido.

**Kautusan para Umalis sa Tirahan:**
Ang kautusang ito ay nagbabawal sa pinipigilang partido na manirahan sa tahanan kung saan sila pareho dating nakatira ng protektadong partido.

**Iba pang mga Kautusan:**
Sa pagdinig ngayon, ang hukuman ay maaaring magbigay ng iba pang pansamantalang kautusan patungkol sa kustodiya, pagbisita, suporta sa bata, at paghawak ng ari-arian. Ngunit, maaari ring kinakailangan mong magsampa ng panibagong kaso, gaya ng petisyon para sa diborsyo o para sa paternity, upang makakuha ng permanenteng kautusan para sa mga bagay na ito.

## PANAHONG ITINATAGAL NG RESTRAINING ORDER

Kung ang hukuman ay kumbinsido na mayroong domestikong karahasan na naaayon sa pakahulugan ng batas, maaari itong maglabas ng permanenteng kautusan na tumatagal ng limang taon mula sa araw na ito.

## PAGHIHIGPIT PARA SA PINIPIGILANG PARTIDO

Kapag nagpalabas ng restraining order ang hukuman laban sa iyo ngayon, ang mga sumusunod na batas ay naaangkop para sa iyo:

**Baril:**
Bawal kang magmay-ari, magkaroon, bumili o makatanggap ng baril o bala habang umiiral ang restraining order. Kung ikaw ay kasalukuyang nagmamay-ari o mayroong baril, dapat mo itong isuko kaagad.

**Parusa para sa Paglabag:**
*Isang krimen ang lumabag sa restraining order.* Ang bawat paglabag ay may kaparusahang hanggang isang taon sa kulungan, o multa ng hanggang sa $1000, o ang parehong ito. Ang bawat paglabag ay hiwalay na pagkakasala. Halimbawa, kung ikaw ay inutusang huwag tawagan ang isang tao sa telepono, ang bawat tawag sa telepono ay isang krimen, ang dalawang tawag ay dalawang krimen, atbp. Maaari kang arestuhin, usigin, at ipakulong dahil sa anumang paglabag sa restraining order.

**Asal sa Hukuman:**
Kung ang hukuman ay nagpalabas na ng restraining order laban sa iyo, *ito ay may epekto habang ikaw ay nasa loob ng silid-hukuman.* Bawal mong kausapin ang protektadong partido, o gumawa ng anumang pagpapahayag sa pamamagitan ng mukha o umasta laban sa kanya sa pasilyo, pati na rin sa loob o labas ng hukuman. Kapag ginawa mo ito, maaaring maging paglabag ito sa iyong temporary restraining order at maaari kang arestuhin.

## KUSTODIYA AT PAGBISITA

Ang domestikong karahasan ay nakakasakit sa mga bata. Ayon sa **seksiyon 3044 ng Kodigong Pampamilya,** kung ikaw at ang protektadong partido ay may mga anak, ang pag-iisyu ng restraining order ay maaaring maging dahilan upang mapigilan kang magkaroon ng legal o pisikal na kustodiya ng mga bata maliban kung makita ng hukuman na ito ay para sa kapakanan ng mga bata. Ang pag-isyu ng restraining order ay maaaring maging dahilan din upang maghigpit ang hukuman kung kailan at gaano mo kadalas makita ang iyong anak, at kung may kailangang mangasiwa sa iyong pagbisita (supervised visit).

Maaaring isangguni ng hukuman ang inyong kaso sa **Family Court Services** upang mamagitan ang isang Child Custody at Recommending Counselor at tulungan kayong magkaroon ng kasunduan tungkol sa kustodiya at pagbisita. Sa tulong ng Counselor, ikaw at ang isa pang magulang ay maaring magpasya kung ano ang pinakamabuting parenting plan para sa mga bata. Kung hindi kayo magkasundo, ang Counselor ay gagawa ng mga rekomendasyon at ang hukuman naman ang gagawa ng huling pagpapasya.

## MGA KARAPATAN NG PINIPIGILANG PARTIDO AT PROTEKTADONG PARTIDO

**Habang May Nakabinbing Kasong Kriminal:**
Kung ikaw ay nasasakdal sa isang nakabinbing kasong kriminal na nag-uugat sa kaparehong mga pangyayari sa kaso ngayon, mayroon kang karapatan, ayon sa **Fifth Amendment,** laban sa self-incrimination. Ibig sabihin nito ay mayroon kang karapatang huwag magsalita ng anuman sa kasong ito na maaring gamitin laban sa iyo sa kasong kriminal. Kapag tinawag ng hukuman ang iyong kaso, agad mong ipaalam dito kung mayroon kang mga nakabinbing kasong kriminal.

**Pagpapatuloy ng Pagdinig sa Ibang Petsa:**
Kung ikaw ang respondent at ito ang iyong unang pagdinig, maaari kang humingi ng isang pagpapatuloy ng pagdinig sa makatwirang tagal ng panahon. Ibig sabihin nito ay babalik ka sa hukuman sa ibang araw. Kung wala kang abogado at nais mong humingi ng dagdag na panahon upang makakuha nito, patakaran ng hukumang ito na bigyan ka ng isang pagpapaliban para sa gayung layunin.

Kung ikaw ang petitioner at ang respondent ay sumagot ngunit hindi ka binigyan ng kopya dalawang araw bago ngayon, ikaw ay may karapatan sa isang pagpapatuloy ng pagdinig sa ibang petsa.

Kapag pinayagan kang ituloy ang pagdinig ngayon, ang temporary restraining order ay iiral pa rin hanggang sa susunod na pagdinig.

## PANGHULING TAGUBILIN

Kapag tinawag ng hukuman ang iyong kaso, pumunta ka sa mesang nasa harapan. Ang petitioner, ang taong humihingi ng restraining order, ang siyang tatayo sa mesang nasa kaliwa ng silid-hukuman. Ang respondent, ang taong nililimitahan ng restraining order, ay tatayo naman sa kanan.

Ang hukuman ay may ilang patakaran na dapat mong sundin. Ito ay pormal na pagdinig. Ang trabaho ng court reporter ay gumawa ng opisyal na talaan ng paglilitis ngayon. Ang lahat ng salitang sinasabi sa hukuman ay kailangang maitala kaya napakahalaga na marinig nang malinaw ang lahat. Kung maaari lamang ay huwag gambalain o magsalita habang nagsasalita ang kabilang partido.

Kung higit sa isang tao ang nagsasalita nang sabay-sabay, hindi maitatala ng court reporter ang iyong sinasabi. Kung masyado kang mabilis o mahinang magsalita, maaaring pagsabihan ka ng hukuman na magsalita nang mabagal o malakas.

***Elkins/Reifler:***

Ang mga kaso sa kalendaryo ngayon ay nakatakdang dinggin sa loob ng 20 minuto o mas maikli pa. Nabasa na ng hukuman ang lahat ng papeles na isinumite sa oras, kaya hindi na dapat ulitin pa ang mga nakasulat dito.

Ayon sa batas, may karapatan kang magprisinta ng karagdagang testimonya o saksi. Kung gusto mong gamitin ang karapatang ito, kailangan mong ipaalam agad ito sa hukuman pagkatawag sa iyong kaso. Ang iyong kaso ay maaaring i-iskedyul sa ibang araw kung kailan may higit na oras ang hukuman upang dinggin ang iyong testimonya, gayundin ang sa iyong mga saksi. O kaya naman, kung may oras pa ay maaaring dinggin ito ngayong araw pagkatapos dinggin ang iba pang mga kaso.

Kapag hindi mo sinabi sa hukuman na gusto mong gamitin ang karapatang ito, ipagpapalagay ng hukuman na pumapayag ka na dinggin ang kaso batay lamang sa mga papeles na iyong isinumite. Pagkatapos ay magpapasya ang hukuman (sa ilalim ng kasong tinatawag na *Reifler*) kung tatanggapin nito ang karagdagang aktwal na testimonya na kinakailangan nito upang makapagpasya nang tama.

**Mga Komisyonado:**

Ang iyong kaso ngayon ay diringgin ng isang Komisyuner ng hukuman. Kung hindi ka sumasang-ayon dito, dapat ay agad mong sabihin ang iyong pagtutol kapag tinawag ang iyong kaso. Kung hindi ka tumutol bago dinggin ang iyong kaso, ipagpapalagay ng hukuman na pumapayag ka na dinggin ito ng Komisyoner na siyang umuupo bilang pansamantalang hukom.

**Pagkatapos ng Pagdinig:**

Kung ikaw ay binigyan ng order ngayon, mahalagang maisulat ito. Ang iyong mga order ay hindi maipatutupad maliban lamang kung ang mga ito ay nakasulat at naitala sa korte. Kung wala kang abogado, may mga kinatawan dito sa hukuman mula sa **tanggapan ng Family Law Facilitator** upang tumulong sa paghahanda ng iyong mga order. Pagkatapos ay pipirmahan ng hukuman ang mga order at itatala ng clerk. *Kung maaari lamang ay huwag kang aalis ng hukuman nang walang kopya ng iyong order.*